Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Sta. Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-22 NG DISYEMBRE, 1997, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. NARCISO O. INFANTE.................. PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo

Kgg. Heidi S. Ciriaco.................... Kagawad
Kgg. Ariel I. Magcalas................... Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon.................... Kagawad
Kgg. Ricardo R. Ramirez.................. Kagawad
Kgg. Celestino D. Pamatmat............... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison.................... Kagawad
Kgg. Miguel M. Asinas.................... Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco................. Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villasenor........... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 266-T'97

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 73-T'97 NG SANG. BRGY. STO. ANGEL CENTRAL NA MAKAPAGLABAS NG PONDO ANG NATURANG BARANGAY PARA SA HONORARIUM NG SANG. BARANGAY, ALLOWANCE NG BARANGAY TANOD, CASH GIFT NG BRGY. NUTRITION SCHOLARS, DAY CARE, REIMBURSEMENT NG ELECTRIC BILL NG BRGY. HALL AT STREETLIGHT, ALLOWANCE AT MENTINANSYA NG KATARUNGANG PAMBARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG ISANDAAN TATLUMPU'T ANIM NA LIBO, SIYAM NA RAAN TATLUMPU'T APAT NA PISO AT PITUMPU'T SIYAM NA SENTIMOS (P136,934.79).

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kap. Blg. 73-T'97 ng Sang. Brgy Sto. Angel Central na may layuning makapaglabas ng pondo para sa mga gastusin at bayarin na nakasaad sa itaas nito;

**SAPAGKA'T,** ito ay dumaan na sa pagsusuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet;

**SAPAGKA'T,** anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay nasa pananagutan ito ng Sang. Brgy. Sto.Angel Central

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Louie C. de Leon na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Celestino D. Pamatmat at sa pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang Kap. Blg. 73-T'97 ng Sang. Brgy. Sto. Angel Central na makapaglabas ng pondo ang naturang barangay para sa honorarium ng Sang. Brgy Allowance ng Brgy. Tanod, Cash Gift ng BNS, Day Care, Reimbursement ng electric bill ng barangay hall at streetlights, allowance at mentinansya ng Katarungang Pambarangay na nagkakahalaga ng P136,934.79.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayan Tagatuos, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY: ENRIQUE R. BAUTISTA
Punong Bayan